**ANG IKA-15 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS**

Ang Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama

**Re: Pagtugon sa "Emerhensiyang mga Hakbang" muling ipinatupad ng Gobiyerno.**

Ang "Emerhensiyang mga Hakbang" ay muling ipinatupad ng Japanese Government kahapon, Enero 7. Magpahanggang ngayon, tayo, ang Diyosesis ng Saitama, ay namuhay sa nakalipas na kahirapan ng panahon, maingat na sumunod sa "Mga Patnubay upang Mapigilan ang Impeksiyon ng Covid 19" ng Catholic Bishop's Conference of Japan, ipinalabas noong Nobyembre 11, 2020. Isinaad doon na kung sakaling ang emerhensiyang mga hakbang ng gobiyerno o anumang administratibong mga utos ng paghihigpit laban sa pangangalakal o paglalakbay, ang publikong mga misa (misa na may kongregasyon) ay dapat isuspende. Sa pagsunod ng mga patnubay, tayo, ang Diyosesis ng Saitama, ay gumawa ng sumusunod na mga desisyon, na isinaad sa ibaba. Ito ay ipapatupad hindi lang sa Prepektura ng Saitama, kung saan ang Emerhensiyang mga Hakbang ay ipinatupad, kundi pati na rin sa tatlong prepektura sa loob ng ating Diyosesis, ang Tochigi, Gunma at Ibaraki. Ito ay mahalagang tungkulin na ipinagkatiwala ng Diyos sa ating mga Katoliko, upang protektahan ang buhay ng lahat. Sa panahon ng patuloy na pagsubok, pagsikapan natin na ipanalangin ang bawt-isa, at sama-samang gumawa para sa Diyos.

---

**Mula Enero 8, ang mga publikong misa sa Linggo, at pati na rin sa mga ordinaryong araw, ay pinapatigil hanggang sa panahon ng pagtanggal ng "Emerhensiyang mga Hakbang" (maaring sa Pebrero 7).**

**Sa mga panahon na binanggit sa itaas , ang lahat ng mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama ay dinespensa sa kanilang obligasyon sa pagdalo ng mga misa sa Linggo.**

**Lahat ng mga gawain sa mga parokya o mga pagtitipon ay ipinagbawal, maliban sa mga kinakailangan at napaka-halagang pagtitipon sa para sa pangangalaga sa mga parokya.**

Maraming salamat sa inyong pag-unawa at kooperasyon.